Biyaya ang Meron, Biyaya ng Meron: Ang Pag-iisip nina Ferriols, Marion, at San Agustin[1]

Roy Allan B. Tolentino

ABSTRACT

Inspired by both metaphysics and phenomenology, the work of Roque J. Ferriols, SJ, provides a fascinating insight into givenness, which resonates with the work of Jean-Luc Marion. This paper outlines the points of convergence between these two thinkers, especially as regards their readings of Augustine's *Confessiones* (*The Confessions of St. Augustine*). For Marion and Ferriols, Augustine's experience is the journey of a creature discovering both the givenness of creation and selfhood as a gift.

KEYWORDS: philosophy of religion; Augustine; Ferriols; Marion; givenness

PASAKALYE

Kung magiging tapat ang pilosopiya sa sarili nito, kinakailangang saklawin at pagnilayan nito ang lahat ng bahagi ng karanasan ng tao, kabilang na ang relihiyon. Sabihin pa man na poder ng teolohiya o espiritwalidad ang relihiyon, hindi maitatatwang sangkap pa rin ito ng karanasan ng tao sa daigdig, at pinag-

[1]Ang sanaysay na ito ay batay sa isang panayam ng pagpaparangal kay Padre Roque J. Ferriols, SJ, bahagi ng Mid-Year Conference ng Philosophical Association of the Philippines noong Oktubre 26–27, 2012.

aaralan din ng sikolohiya at sosyolohiya. Sa gayon, kailangang ilatag nang mabuti ang patakaran ng pilosopiya ng relihiyon.

Ayon kay Roque Ferriols, nagsisimula ang pilosopiya ng relihiyon sa isang pagkilala sa halaga ng damdamin sa karanasan ng tao. Bagaman may paghihinala ang pilosopiya sa mga damdamin (at hindi natin maipagkakailang may batayan ang paghihinalang ito), hindi maaaring tanggihan ang bisà ng damdamin sa ating pagmamalay. Mulát man tayo sa mga damdaming ito o hindi, bahagi ng pagkasarili ng tao ang pagkakatali natin sa damdamin. Maaari pa ngang sabihing nabibihag tayo ng mga damdamin, kasabay ng ating pagsandal sa katwiran at lohika.

Sa ganang ito, kailangang aminin na batayan ng karanasang relihiyoso ang espesyal na uri ng damdamin. Hindi lámang ang damdamin na may kinalaman sa pagbabago ng panahon, tulad ng ginaw sa taglamig, kundi damdamin na búhat sa ating kalooban, sa ating pinakamalalim na sarili. Pahayag ni Ferriols: "Nakikiramdam ako. At sapagkat nakikiramdam ako, nasasangkot ang aking malalim na sarili sa pakikipagkapuwa sa kapuwa tao."[2] Higit pa rito, hinuhubog ng dinamismo ng pakikipagkapuwa ang mismong damdaming ito, "tinatanggap natin ang ating kapuwa 'mula sa labas,' ngunit nagpapatalab tayo sa kanya hanggang sa kaloob-looban; at sabay, sa damdamin ding iyon, ay tumutugon at tumutungo sa kanya ang ating malalim na kalooban. Kaya't siya ang nagbibigay-balangkas sa ating damdamin."[3]

Ngunit paano nga ba nagaganap ang ganitong pakikipagkapuwa? Sa pagpapatuloy ni Ferriols, gumaganap siya ng malikhaing pag-uulit ("creative repetition") sa salitang *presensiya*. Mula raw sa Latin na *praesens* ang salitang ito: "*Ens*: nagmemeron. *Prae*: sa harapan. Ang unang kahulugan ay para bagang pagsasaparehong-lugar lamang ng mga katawan ang tinutukoy. Ngunit, sa paggamit ay may mas malalim na kahulugan na tumubo: Pakikipagtagpo ng kalooban sa kalooban."[4] Sa ngayon, sasabihin muna natin na may kinalaman sa pag-iral ang salitang "nagmemeron," subalit mapapansin na kaagad ang kayamanan ng karanasan ng pagpepresensiya, lalo na sa larang ng pakikipagkapuwa-tao. Kailangan lámang nating pag-isipan ang nagaganap sa sumpaan ng katapatan sa pagitan ng mag-asawa upang makita ang malalim na potensiyal sa pagpepresensiya. Dagdag pa ni Ferriols: "Ang pagpepresensiya ay nagaganap sa alaala, sa isip, sa paglalarawan sa

[2]Roque J. Ferriols, SJ, *Pilosopiya ng Relihiyon* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1995), 1.

[3]Ibid.

[4]Ibid., 5.

damdamin. . . . May isang pagbaling, pag-ugnay ng sarili, taos na pagtataya ng sarili, na bumabago sa mismong balangkas ng sarili."[5]

Kung dito man nagsisimula ang pilosopiya ng relihiyon, nagwawakas ito sa isang pag-amin o isang pag-akò. Ito yata ang ipinararating ni Ferriols sa kaniyang pagkakasulat sa *Pilosopiya ng Relihiyon*: Matapos ilatag ang batayang karanasang relihiyoso, dumadako siya sa isang pagninilay ukol sa pag-asa sa tulong ni Gabriel Marcel, at humahantong siya sa isang kabanatang nakalaan kay San Agustin ng Hippo. Sa balangkas ng *Pilosopiya ng Relihiyon*, tila nahuhuli ang pagbanggit kay San Agustin dahil napag-usapan na ang modernong karanasang relihiyoso sa kabanatang batay kay Marcel. Subalit sa muling pagtingin at pag-iisip, maaari nating makita si San Agustin bilang halimbawa at huwaran ng karanasang relihiyosong tinatalakay ni Ferriols. Kung nagaganap ang matinding pagbabago sa pagpepresensiya ng tao sa isa't isa, higit na radikal na pagbabago ang nagaganap kapag pagpepresensiya ng banal sa tao ang pinag-uusapan.

Kay San Agustin din humahantong ang pag-iisip ng kontemporaneong pilosopong si Jean-Luc Marion (1946–). Pilosopiya ng relihiyon din ang landas ni Marion, subalit nagsisimula siya sa pilosopiya ni René Descartes hanggang sa mapadpad siya sa penomenolohiya. Sa kaniyang mga aklat na *Reduction and Givenness* at *Being Given*, pinatatalas pa ni Marion ang metodong penomenolohiko na natuklasan ni Edmund Husserl. Subalit pagkatapos ilatag ang masinsin na penomenolohiya ng biyaya o "gift,"[6] bumabaling din si Marion kay San Agustin. Sa *In the Self's Place: The Approach of Saint Augustine*, inilalapat ni Marion ang penomenolohiya ng biyaya sa *Confessiones* ni San Agustin, at doon natutuklasan niya ang balangkas ng pagkabiyaya ng sarili. Ayon kay Marion, sa ganitong pagbabasá kay San Agustin, malalampasan ang interpretasyong metapisikal, at mararatnan ang buod ng *Confessiones*: "the itinerary of an approach to the place of self—to the place of the self, the place most foreign to he who, proximally and for the most part, I am, or believe myself to be."[7]

Hindi na nabása ni Ferriols si Marion,[8] subalit nais ipakita ng sanaysay na ito ang mga pagkakatulad sa pilosopiya nina Ferriols at Marion upang matuklasan kung bakit pareho silang humantong kay San Agustin. Sa konteksto ng karanasang relihiyosong natalakay na ni Ferriols, makikita natin na ang sariling káyang makipagtagpo, makipagpresensiya, ay tinatanggap din sa isang pakikipagtagpo.

---

[5]Ibid., 6.

[6]Nagsisimula ang proyektong ito sa *God without Being*, at patuloy pang tinatalakay ni Marion.

[7]Jean-Luc Marion, *In the Self's Place: The Approach of Saint Augustine*, salin ni Jeffrey L. Kosky (Stanford: Stanford University Press, 2012), xiv.

[8]Batay ito sa mga panayam ko kay Ferriols.

Kung sentro ng karanasan at pagmamalay ang sarili, nakasentro ang sentrong ito sa batayang ugnayan ng tao at ng banal, tulad ng natuklasan nina Ferriols at Marion kay San Agustin.

PAGKABIYAYA NG MERON

Bago natin makita kung paanong humahantong sina Marion at Ferriols kay San Agustin, mahalagang ipaliwanag muna ang kanilang pinagmumulan. Dito makikita ang pagkakatulad ng landas ng pag-iisip nina Marion at Ferriols, lalo na sa kanilang pagtanaw ukol sa realidad. Bagaman may metapisikal na implikasyon ang mga pagmumulat na ito, nagsisimula ang dalawang pilosopo na ito sa penomenolohikal na paglalarawan.

Isa sa mga batayang pagmumulat sa pilosopiya ni Ferriols ang pagkagising ng tao sa meron. "Pagkagising" ang salitang ginagamit dito sapagkat, para kay Ferriols, hindi naman iniimbento ang meron, kundi kinagigisnan, kinamumulatan; maaari pang idagdag, tinatanggap. Hindi tayo makapagpapatuloy sa pagmumuning ito, alinsunod sa pag-iisip ni Ferriols, kung hindi tayo maglalaan ng panahon sa "pagbigkas sa meron" na kaniyang tinutukoy.

Ano ba ang meron? Sa *Pambungad sa Metapisika*, sasabihin ni Ferriols na mali ang ganitong pagtatanong kung ang hinahanap natin ay isang depinisyon o konsepto lámang. Hindi mabibigyan ng depinisyon ang meron, sapagkat wala itong hangganan. Ayon nga kay Ferriols: "Ano ang mahihindi mo sa meron? Hindi wala! Ang kabaligtaran ng meron ay wala at hindi tunay na kabaligtaran sapagkat ang wala ay wala. Ang meron ay hindi malaking konseptong supot na mapagkakasyahan ng lahat ng ibang konsepto. Kung ihahambing mo ang meron sa supot, ang hangganan ay wala. Walang supot."[9]

Tulad ng nabanggit na sa pasakalye, may kinalaman sa pag-iral ang salitang "meron." Sa karaniwang pananalita, ginagamit ang "meron" upang ipahiwatig ang pagkanaririyan ng isang bagay. Sa pagninilay ni Ferriols, nakikita niya sa salitang "meron" ang pag-amin at pagmulat sa lahat ng naririyan at umiiral. Wika ni Ferriols: "Nauuna at namumuno sa akin ang meron. Wala pa ako; hindi pa ako nababalisa o nananaliksik ukol sa meron, meron na. . . . [K]ung bukas bigla akong mawalan ng interes sa meron, hindi mawawala. Meron pa rin."[10] Para kay Ferriols, meron ang maitatawag sa lahat ng talagang totoo, talagang nangyayari, talagang naririyan at

[9]Roque J. Ferriols, SJ, *Pambungad sa Metapisika* (Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1991), 8.

[10]Ibid., 9–10.

umiiral. Samakatwid, maitatanong kung ano ang meron sa isang paraang nagtuturo at nagpapahiwatig, at hindi nagtatakda ng depinisyon o hangganan. Meron ang itatawag sa sumasagupa sa akin bilang katotohanang hindi ko maitatatwa.

Batay rito, maihahalintulad daw ang meron sa abot-tanaw. Sabi ni Ferriols: "Walang makapagbubukas ng landas na makapasok ako sa abot-tanaw ng meron dahil sa nasa loob na, pinaliligiran na ako at tinatablan, binubuhay at inaakit ng meron. Walang labas ang abot tanaw ng meron; o, kung gusto mo, walang tunay na labas ang meron. Ang maaari lamang mangyari ay baka ako matauhan na nasa meron na nga pala ako."[11] Katulad ng abot-tanaw na pumapaligid sa isang nagmamasid, sa tuktok man ng bundok o sa dalampasigang umuurong sa paglaki ng dagat, pinalilibutan ang tao ng abot-tanaw ng meron. Saan man siya bumaling, meron siyang nakikita—nakikita niya ang meron. Abot-tanaw ng talagang totoo, talagang nangyayari, ang meron, abot-tanaw na kinasasangkutan na ng tao, mula't mula pa. Hinihiram ni Ferriols mula kay Joseph de Finance ang pormulang ito: "Kaya kong matauhan sa aking pagmamalay at pag-uunawa *na meron ngang meron at na nasa meron ako*."[12]

Sinauna at batayan ang pagmumulat na ito, subalit humahantong ang tao sa isang mas mulát na apirmasyon o pag-amin at pag-angkin sa meron. Sa simula, marahil hindi pa nabibigkas nang tiyak, at sa halip natutuklasan lámang sa pakikitagpo sa mga nagmemerong pumapaligid sa kaniya. Nakikilala ng isang tao ang kaniyang mga magulang, nagigising siya sa mga bagay sa kaniyang paligid na hindi siya subalit kaugnay niya sa antas ng simpleng pag-iral. Lumalalim ang pagmumulat na ito habang patúloy na dinaranas ng tao ang meron, at nagigising siya na meron nga ang pumapaligid sa kaniya, at maging siya ay meron din. Humahantong ito sa pag-amin at pag-angkin sa talagang totoo't talagang nangyayari. Ayon kay Ferriols, ang táong namumuhay sa paraang tapat sa talagang totoo ay "bumibigkas sa meron."

Sa pagbigkas ng meron, tinatanggap ng tao ang meron bilang nariiyan, isang abot-tanaw na sumasagupa sa kaniyang pagtingin. Ang pagkanariiyan ng meron, kahit hindi ito naiisip o nararanasan sa kasalukuyan, ay palatandaan ng pag-iral nito bilang hiwalay at iba sa táong nagmamalay. Wika ni Ferriols: "Sabay kong nauunawaan ang hindi-ako at ang ako na nagmemeron; ang ako na bumibigkas sa meron at bukás sa lahat ng meron: bukas sa mga meron na talab na talab sa akin, at sa mga meron na ibang iba at malayong malayo sa akin."[13] Babalikán natin ang huling

[11]Ibid., 11.

[12]Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 19. Nakaitaliko rin sa teksto ni Ferriols ang pariralang ito. Hinihiram ito ni Ferriols mula sa *microfilm* ng aklat ni de Finance na kaniyang nabasa sa wikang Pranses. May pagsasalin sa Filipino na isinagawa si Ferriols, subalit hindi ito nalimbag.

[13]Ibid.

sipi na iyan sa susunod na yugto. Sa ngayon, pagtuunan natin ang pagkanaririyan ng meron, na tinatanggap at inaamin ng táong bumibigkas sa meron.

Mapapansin ang pagkaalanganin ng kahulugan nitong huling pangungusap. Ang "pagkanaririyan" at "pagtanggap" ay dalawang salitang umaalingawngaw sa penomenolohiyang humuhubog sa pilosopiya ni Ferriols. Bagaman ginagamit dito sa isang kontekstong tahasang metapisikal, may maituturo sa atin ang pag-uulit sa mga salitang ito sa penomenolohiyang pinagmulan. Kung sa bagay, pinamagatan ni Ferriols ang kaniyang aklat bilang "pambungad sa metapisika"; batay sa kaniyang metodo, tila penomenolohiya ang makapaghahatid sa atin sa loob ng metapisika.

Sa puntong ito, babaling tayo sa pag-iisip ni Jean-Luc Marion. Marahil ang pinakamahalagang ambag ni Marion sa kontemporaneong pilosopiya ay ang kaniyang muling pagtuklas sa konseptong "donation." Sa kaniyang pananaliksik sa pilosopiya ni Edmund Husserl, nakatuklas si Marion ng panibagong posibilidad sa pag-unawa sa penomenolohiya bilang *prima philosophia*. Bago ang anupamang sistemang metapisikal, ipinaaalala sa atin ng penomenolohiya na karanasan ang ugat ng ating pag-iisip. Tulad ng sabi ni Ferriols kanina, may sinaunang pagmamalay na tayo sa meron na pumapaligid sa atin: meron tayong nararanasan, at nararanasan natin ang meron. Sa pagsipi ni Marion kay Husserl, lumilitaw ang prinsipiyong ito: "It is through a *reduction*, which we would now like to call the phenomenological reduction, that I gain an *absolute givenness* not owing anything to transcendence."[14] Sa "phenomenological reduction," umuuwi ang isang tao sa batayang karanasan, at natutuklasan niya na ang karanasang ito ay *naririyan* o "given" sa isang radikal na paraan. Dagdag ni Marion: "What appears gives itself, that is to say, it appears without restraint or remainder; it thus comes about [*ad-vient*], happens, imposes itself as such, not as the semblance or representative of an absent or dissimulated in-itself, but as itself, in person and in the flesh."[15] Kung pahihintulutan tayong maging malikhain sa wika, hindi yata aksidente na magkálapít ang kahulugan ng pagkanariyan (givenness) at ng talagang totoo, ang talagang nangyayari na inilalarawan ni Ferriols. Batay sa pag-iisip ni Ferriols, ang sinaunang apirmasyon sa meron ay pag-amin na naririto talaga ang meron na ito, pinaliligiran tayo at hindi matatanggihan. Samakatwid, ang pagbabalik (*reductio*) na ginagawa ng ating pagmamalay sa penomenolohiya ay mailalarawan bilang isang pagkamulat sa pagkanaririyan ng meron.

[14]Sipi ni Marion kay Husserl, mula sa kaniyang *Ideas*, I, 92. Matatagpuan sa Jean-Luc Marion, *In Excess: Studies of Saturated Phenomena*, salin ni Robyn Horner at Vincent Berraud (New York: Fordham University Press, 2001), 17.

[15]Marion, *In Excess*, 19.

Dito, maaari nating bigyang-pansin ang katuwang na konsepto ng pagtanggap o pag-amin. Kung ang táong bumibigkas sa meron ay tumatanggap o umaamin sa pagbubunyag ng meron, hindi kayâ maaaring palawakin ang pag-unawa sa meron hindi lámang bilang naririyan ("given" as a precondition), kundi ibinibigay o isang biyaya ("given" as a gift) rin?

Maaaring luminaw ang pagkabiyaya ng meron kung bumaling tayo sa penomenolohiya ng biyayang isinasagawa ni Marion alinsunod kay Jacques Derrida. Ayon kay Marion, ang biyaya ay nagiging biyaya lámang sa isang sandaling itinatakda ang nagbibigay at ang tumatanggap.

Nagaganap ang pagtatakdang ito mula sa punto-de-bista ng nagbibigay sa sandaling namumulat ang nagbibigay na meron siyang dapat ibigay, dalá ng isang klase ng utang. Kailangang linawin na ang utang na ito ay hindi materyal o pinansiyal kundi isang klase ng utang na loob. "The gift hence does not coincide with the object of the gift. . . . The gift is not accomplished when it is given but rather when givability arises. Givability arises around the potential giver when she, first of all in relation to herself alone, recognizes that the principle 'I owe no one anything,' may (and must) admit at least one exception."[16] Muli, hindi maaaring maging kaliwaan ang karanasan ng biyaya; sa halip, nagbibigay ang isang tagapagbigay dahil nagigising siya sa pangangailangang bigyan kahit isang tao man lámang. "Not only does the gift reside in the decision to give, accepted by the potential giver, but the giver can only decide inasmuch as he recognizes that another gift has already obliged him."[17] Maaaring sabihin na natutupad ang biyaya sa pasiya ng nagbibigay na dapat nga siyang magbigay, subalit hindi bilang kapalit o kabayaran.

Mula naman sa abot-tanaw ng tumatanggap, natutupad ang biyaya sa pamamagitan ng isa pang pasiya. Hindi rin madali ang tumanggap, ayon kay Marion: "First, because receiving might imply receiving what one did not expect or what one did not want, even what one feared the most."[18] Isang pagsusuko sa kalayaan ang pagtanggap: "To decide to receive a gift implies that I accept owing something to someone due to this gift."[19] Sa sandaling ito, pinakakawalan ng tao ang kaniyang kahiligang umasa lámang sa sarili, at ibinubuklod niya ang sarili niya sa isang kapuwa-tao sa pagtanaw ng isang utang—o, kung magiging pangahas tayo, ng isang utang na loob.

---

[16]Jean-Luc Marion, "A Phenomenological Concept of the Gift," in *The Visible and the Revealed*, salin ni Christina M. Gschwandtner et al. (New York: Fordham University Press, 2008), 90–91.

[17]Ibid.

[18]Ibid., 93.

[19]Ibid.

Ayon kay Marion, samakatwid, ang pagkabiyaya ay bunga ng pagpapasiya ng nagbibigay at ng tumatanggap: sa pagkilala sa biyaya, kinikilala rin ng nagbibigay at ng tumatanggap ang isang ugnayang nagbubuklod sa kanila.[20] Magkatuwang ang pasiya at pagkilala: "So recognizing the gift implies a strict and specific phenomenological gaze: one that, faced with the fact (object, being, immediate relation), sees it as a gift. One could say that it is a question of hermeneutics, but of a hermeneutics that gives meaning less than it receives meaning, precisely in seeing a gift."[21]

Subalit, para kay Marion, may mas malalim na bisà ang pagkabiyaya. Idadagdag pa niya na ang pagkabiyaya ng biyaya ang siyang nagtatakda ng mga pasiyang ginaganap ng nagbibigay at tumatanggap ng biyayang ito. "The instant power of givenness makes the gift determine *itself* as gift through the double consent of the giver and of the recipient, who are less often agents of the gift and are more often acted upon by givenness."[22] Makikita rito ang diwang katulad ng isinasaad ni Ferriols. Kung, ayon nga kay Ferriols, *meron ngang meron, at nasa meron ako*, masasabi natin na ang pagbigkas sa meron ay hawig sa pagkamulat sa biyaya ayon sa pagtalakay ni Marion. Higit na tumitingkad ang pagkahawig na ito sa pagmumulat na maaaring huwag magmeron.

Bahagi ng pagbigkas sa meron ang pagmumulat din sa posibilidad na hindi magmeron. Ang mga nagmemeron sa paligid ng tao, maging ang tao sa kaniyang sarili, at sumusulpot at naglalaho, sumisibol at nawawasak. Natatauhan ang taong bumibigkas sa meron na maaari siyang hindi magmeron, lalo na't hindi niya káyang pairalin ang kaniyang sarili. Sabi ni Ferriols: "Ang limitado sa pagmemeron ay hindi kayang sakupin ang meron, wala sa kanyang poder ang meron. Kaya't marupok ang kanyang pagmemeron. Isang pagmemeron na maaaring hindi magmeron, na kung siya lamang ay sana wala siya."[23] Hindi aksidente, sa palagay ko, na kinikilala rin ni Ferriols ang isa pang klase ng pagtanggap sa meron. Wika nga niya, "Dapat sana wala siya. Kung siya lamang, hindi sana siya naririto. Walang-wala siya. Ngunit, nandidito siya. Ang tibay-tibay ng kanyang pagdidito. Kung taimtim na pagmumuni-munihan ko itong pagmemeron na ito, maaari akong matauhan na kailangan kong aminin na ang pinagmamasdan ko ay isang nagmemeron na sa bawat sandali ay *tinatanggap ang kaniyang pagmemeron*" (sa akin ang diin).[24] Hindi lámang isang pagtanggap ang hinihingi, kundi isang *pagtanggap sa biyaya ng pagmemeron*. "Ang bawat isa ay

[20]Ibid., 94.

[21]Ibid.

[22]Ibid.

[23]Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 27.

[24]Ibid. Sa akin ang diin.

nagmemeron, pero bahagi ng kaniyang pagmemeron ay ito: na maaari siyang huwag magmeron. Wala sa kaniyang poder na magmeron o huwag magmeron. *Kailangan na tinatanggap niya sa bawat sandali ang biyaya ng kaniyang pagmemeron*, sapagkat kung siya lamang . . . wala siya. *At kung kailangan na palaging tinatanggap ang biyaya, kailangan na may palaging nagdudulot ng biyaya*" (sa akin ang mga diin).[25]

Dito, may pagkakaiba sa metodo nina Marion at Ferriols. Sa mahigpit na metodong penomenolohiko ni Marion, maaaring gumanap ng *epoché* sa nagbibigay at tumatanggap ng biyaya, ilagay muna sa panaklong ang mga ito, upang pagkabiyaya na lámang ang matitira. Tulad ng nabanggit na, natutupad ang pagbibigay at pagtanggap sa bisà ng pagkabiyaya lámang. Ayon kay Marion, katuparan ng pagkabigay ang magbigay ng biyaya kahit hindi ito tinatanggap. Wika ni Marion, "The given gift remains, as an act of abandon, with or without objective support, where the gift definitively decides *itself*. The gift that is accomplished with neither return nor regret persists with neither recognition nor reception. The simple fact that a gift is abandoned does not destroy it."[26] Sa panig naman ng tumatanggap, nananatiling biyaya ang biyaya kahit kubli ang nagbibigay: "the gift remains. . . because the absence or anonymity of the giver permits the recipient to exercise full responsibility in deciding whether there is a gift or not."[27] Para kay Ferriols, hindi dapat inilalagay sa panaklong ang meron ng nagbibigay at ng tumatanggap. Sa ganang ito, tinatalakay ni Ferriols sa *Pambungad sa Metapisika* at sa *Pilosopiya ng Relihiyon* ang ugnayan ng nagbibigay at ng tumatanggap ng meron. Gumagamit siya ng iba't ibang terminolohiya: "Meron na Meron," "Lumalang na naglalalang sa mga nilalang." At kahit na hindi teolohiya ang isinasagawa ni Ferriols, hindi niya maiwasang gamitin ang teolohikong pangalan: "ang Panginoon," o "Diyos." Para kay Marion, ang Diyos ay laging nananatiling posibilidad lámang para sa pilosopiya, at hindi kailanman maaaring maging katiyakan.

Gayunman, kahit may pagkakaiba sa metodo nina Ferriols at Marion, higit na matingkad ang pagkakatulad ng kanilang pag-iisip. Sa dinamikong kalagayan ng pagkabiyaya, maaaring kilalanin ang meron bilang biyaya, biyayang naririyan na kahit hindi nalalaman kung saan o kanino nagmumula, biyayang kailangang tanggapin upang makapagpatuloy sa pagmemeron.

Bukod dito, kapuwa rin dinadala ng agos ng pagmumuni sina Ferriols at Marion kay San Agustin. Para kay Ferriols, si San Agustin ay halimbawa at huwaran ng karanasang relihiyosong inilalahad niya sa *Pilosopiya ng Relihiyon*. Para kay Marion naman, si San Agustin ay sinaunang halimbawa ng penomenolohiyang kaniyang

[25]Ibid., 28. Sa akin ang diin.

[26]Marion, "A Phenomenological Concept of the Gift," 96.

[27]Ibid., 98.

natuklasan. Sa susunod na bahagi, sisiyasatin natin ang pagkakatulad ng pag-iisip nina Ferriols at Marion sa kanilang pag-unawa kay San Agustin. Tatangkain nating ipakita na para kina Ferriols at Marion, hindi lámang ang meron ang sangkot dito sa pagkilala sa pagkabiyaya; nakataya rin dito ang mismong kalagayan ng sarili.

PAGKABIYAYA NG SARILI

Ayon kay Marion, ang pagkilala sa utang ay bahagi ng pagkilala ng sarili sa sarili. Wika nga niya, "The debt is not simply added here to an already self-confident consciousness, in the way the consciousness of some object becomes inscribed in a consciousness that is originally self-consciousness. It is in recognizing its debt that consciousness becomes conscious of itself, because the debt precedes all consciousness and defines the self: the self, as such, the self of consciousness, receives *itself* right away as gift (given) without giver (giving)."[28]

Sa pagbabasá ni Marion sa *Confessions*, ganito ang natutuklasan ni San Agustin. Sa kaniyang pinakabagong aklat na naisalin sa Ingles, pinamagatang *In the Self's Place: The Approach of Saint Augustine*, ginagamit ni Marion ang lente ng pagkabiyaya upang muling basahin ang *Confessiones* ni San Agustin. Ayon kay Marion, mainam basahin si San Agustin dahil hindi pa matatagpuan sa kaniyang pag-iisip ang mabagsik na paghihiwalay sa pagitan ng pilosopiya at teolohiya. Maisasagawa pa rin ang metodong penomenolohiko, subalit hindi kailangang ilagay sa panaklong ang Diyos. Dito nabubuksan ang puwang para pagnilayan ang karanasang relihiyoso batay sa penomenolohiyang inilatag na ni Marion. Sapagkat wika nga ni Marion, bagaman totoong *pinag-uusapan* ni San Agustin ang Diyos, mas tumpak sabihing *kinakausap* niya ang Diyos sa kaniyang *Confessiones.*[29] Ganito rin ang ipinahihiwatig ni Ferriols kapag ipinapaalala niya sa atin na ang kahulugan ng *confessio* ay "*Pagamin at Papuri*."[30]

Pinagninilayan din ni Marion itong karanasan ng pagpuri bilang susi sa pagunawa sa *Confessiones*. Wika ni Marion, "In the case where I praise God, that is to say, where I address my words to him inasmuch as I love him, my weight leads me to him as to my proper place. Praising him therefore means that I rise into my place, that I go back up there from where I am and toward him from whom I come."[31] Para kay Marion, ang pagpuri sa Diyos na isinasagawa ni San Agustin sa *Confessiones* ay

[28]Ibid., 99.

[29]Marion, *In the Self's Place*, 9.

[30]Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 103. Kay Ferriols ang diin.

[31]Marion, *In the Self's Place*, 18.

hindi lamang pagpupugay sa kabutihan ng Diyos o pag-amin sa pag-ibig dito; ang pagpuri ay panunumbalik sa wastong puwesto, o wastong relasyon ng tao sa Diyos na kaniyang pinagmulan.

Sa pagbabasá ni Marion kay San Agustin, nakikita ni Marion ang pagsasaayos ng tatlong relasyon: ang relasyon ng sarili sa Diyos, ang relasyon ng sarili sa kapuwa (sa kasong ito, si San Agustin at ang mambabasá), at ang relasyon ng kapuwa sa Diyos. Sa tatlong relasyong ito, ang relasyon ng kapuwa sa Diyos ang pinakamahirap pasukin dahil sa bukod-tanging pakikitungo ng Diyos sa bawat isa. Para sa sanaysay na ito, pagtutuunan natin ng pansin ang unang relasyon, alinsunod sa ating pagninilay ukol sa biyaya.

Sa sanaysay na pinamagatang "Resting, Moving, Loving: The Access to the Self according to Saint Augustine," isinasaad ni Marion na hindi mapaghihiwalay ang pagkasarili at ang pagkanilalang; sadyang kailangang dumaan ng landas ng tao sa pagtuklas ng sarili sa isang landas na may kinalaman sa Diyos. Ayon kay Marion, "The creature's place is not found in itself, but always in God, such that the place for the *confessio* of God is determined by and in God, to the point that creation consists only in the opening of the place of *confessio*."[32] Sa palagay ko, ipinahihiwatig dito ni Marion ang isang pagkasarili na may malalim na pag-amin (o pagtanggap) sa buod nito.

Sa pagbabasá ni Marion, mahalaga raw pansinin ang isang kakatwang pananalita na matatagpuan sa *Verus Latina* ukol sa kuwento ng paglikha. Nakasaad daw sa *Verus Latina*, ang lahat daw ng nilalang ay nilikha *secundum genus suum*, ayon lámang sa sarili nitong kalikasan—totoo raw ito ukol sa lahat ng nilikha, maliban sa tao.[33] Pinagtatakhan ito ni San Agustin, sapagkat tila itinatakda ang tao hindi sa sarili nitong kalikasan kundi batay sa iba pang kalikasan; iyon nga, ayon sa wangis ng Diyos. Dahil dito, ayon kay Marion, ang tao raw ang pinakanilalang sa lahat: "Man constitutes a creature par excellence, and even particularly excellent, precisely because he has neither a kind nor a species proper to him and therefore does not have a definition that would appropriate him to himself. The human is defined by the very fact that he remains without definition—the animal properly without property."[34] Mahalaga ito sapagkat lumilitaw na ang kalikasan ng tao ay itinatakda batay sa isang dinamikong relasyon sa kaniyang Lumikha, lalo na't nilikha siya sa wangis ng Diyos.[35]

---

[32]Jean-Luc Marion, "Resting, Moving, Loving: The Access to the Self according to Saint Augustine," *Journal of Religion* 91, no. 1 (2011): 24. Ang sanaysay na ito ay batay rin sa mga temang tinatalakay ni Marion sa *In the Self's Place*.

[33]Marion, "Resting, Moving, Loving," 25.

[34]Ibid., 26.

[35]Ibid., 26–27.

Sa ganang ito, lumilitaw ang layunin ni San Agustin sa *Confessiones*. Ayon kay Marion, "It is only a matter of saying oneself *to* God, or rather . . . of saying *in God's sight* my ignorance of myself. . . . Saint Augustine tries to say himself and see himself no longer from his own *side* but *from beside God*."[36] Sapagkat hindi kilala ng tao ang sarili niya, kailangan niyang tumungo sa Diyos, makitungo sa Diyos, upang matauhan siya sa kaniyang sarili. Sa kaniyang pagkanilalang, hindi taglay ng tao ang pagmamalay ukol sa kaniyang sarili; kailangang ipagkaloob ito sa kaniya sa kaniyang pagbaling sa kaniyang kawangis. Maaari nating sabihin na isang uri ng pagkabukás sa Diyos ang pagkasarili ng tao—o sabihin na natin, isang uri ng *pagtanggap*, pagtanggap na iginagalang ang kalayaan ng tao sa malayang pasiya. Isang radikal na pagkabukás ang pagtanggap na ito, isang puwang na tinatanggap ng sarili ang sarili nito mula sa Diyos.

Tulad ng naisaad na kanina, ang pagtanggap na ito ay hindi nagaganap sa isang pasibong paghihintay, kundi sa isang kilos ng pagtungo at paghahanap. Hinahanap ng tao ang kaniyang sarili, at matatagpuan lamang niya ito sa kaniyang kamukha. Wika ni Marion, "In this sense, the absence of a proper definition becomes for man the compelling and negative condition of the resemblance toward God, a negation that should forever be increased and confirmed."[37] Balintuna ng pagkatao na upang matuklasan ang kaniyang sarili (na hindi niya kilala), kailangan niyang hanapin ang Diyos na hindi siya (na hindi rin niya kilala, subalit kilala siya at kamukha).

Sapagkat tinatanggap ng tao ang kaniyang sarili mula sa Diyos, sa pagkakalikha ayon sa wangis ng Diyos, masasabing higit na nagiging sarili ang tao sa antas na lumalapit siya sa makapangyarihang Diyos na walang kawangis. May kabalintunaan dito sapagkat ang sariling tinatanggap, tulad ng nakasaad sa itaas, ay hindi kawangis ng sarili nito. Wika nga ni Marion, "It is proper to him not to resemble himself, because that which he does resemble, God, does not coincide with his essence, nor with any essence whatsoever. Briefly, because God resembles nothing in this world, man resembles nothing in this world."[38] Kung hindi kawangis ng sarili ng tao ang sarili nito (o wala itong kawangis), maaaring sabihin na ang biyaya ng sarili ay biyayang laging *hindi nakikilala't nauunawaan*. Hindi lámang sa antas na hindi nakikilala ang sarili bilang biyaya, kundi sa antas na hindi talaga nauunawaan nang husto ang sarili. Wika nga ni Marion,"If God remains incomprehensible, man who resembles nothing other than Him (and especially not himself) will bear the mark of his incomprehensibility."[39]

---

[36]Marion, *In the Self's Place*, 44–45.

[37]Marion, "Resting, Moving, Loving," 30.

[38]Ibid.

[39]Ibid., 31.

Dito nakikita ni San Agustin sa kaniyang búhay ang karanasan ng panganib ng pagkaligaw. Dahil nabubuhay ang tao sa pag-aalangan ukol sa kaniyang sarili, kung saan-saan niya ito hinahanap. Sa maraming kabanata ng *Confessiones*, inilalahad ni San Agustin ang kaniyang mga kasalanan, na naging hadlang sa pagtuklas niya sa Diyos at sa kaniyang sarili. Ayon sa pagtalakay ni Ferriols, nakikilala ito kay Agustin bilang tunggalian sa pagitan ng *conversio* at *dispersio*. "Kapag nagpapadalá siya sa puwersa ng sala't tinatalikdan niya ang Panginoon, ang nangyayari ay pagkakalát: *dispersio*: kumakálat ang kaniyang kalooban, sumasabog ang kaniyang katauhan; nasisira ang kung sino siya. Kapag bumabaling siya sa Panginoon, ang nagaganap ay pagbabalik: *conversio*: naiipon ang kumálat, nabubuo muli ang sumabog, nagbabalik-loob sa tunay na sarili."[40]

Sa pagiging kalát ng tao, nawala siya sa kaniyang sarili, at lalong hindi niya nakikilala ang kaniyang sarili. Wika ni Marion, "The aporia—I do not know who I am, I am not myself—becomes my place, but it is a place where the self remains inaccessible to me."[41] Sa pagkakaipit na ito, nadedeskaril ang tao sapagkat wala siyang lugar na pinatutunguhan dahil wala siyang lugar na pinagmumulan. Bukod pa rito, ayon kay Marion, namumulat ang sarili na hindi nito káyang sagipin ang sarili nito; kung may kaligtasan man, kung makauuwi man ang sarili sa sarili, hindi ito magagawa ng tao sa sarili nitong bisà. Higit na umiigting dito ang tunggaliang nakikita ni Ferriols sa pagitan ng *conversio* at *dispersio*: Kayâ nagkakalát ang tao ay sapagkat hindi niya nakikilala ang tunay niyang sarili, at ang pagkilala sa tunay niyang sarili ay pagkilala rin sa Diyos na hindi maunawaan. Kahit na pagkiling sa *conversio*, laging may panganib ng *dispersio* sapagkat gumagalaw ang tao sa kamangmangan ukol sa kaniyang tunay na sarili. "Ang paghiwalay sa Panginoon ay isa ring paghiwalay sa sarili; at ang pag-uwi sa Panginoo'y isa ring pag-uwi sa sarili."[42]

At ang pag-uwi sa sarili ay hindi maihihiwalay sa pag-uwi sa Diyos. Dito lumilitaw ang tema ng pananahan sa Diyos sa teksto ni San Agustin. Sa panimula ng *Confessiones* (I, 1), mababasa natin ito, sa salin ni Ferriols: "Ginigising mo, upang ikalugod niyang purihin ka, sapagkat nilikha mo kami upang sa iyo ri'y makauwi, at hindi mapalagay ang aming puso hangga't hindi namamahinga sa iyo" (Et tamen laudare te vult homo, aliquaportio creaturae tuae. Tu excitas, ut laudare te delectet, quia fecisti nos ad te et inquietum est cor nostrum donec requiescat in te).[43] Ayon sa pagbabasá ni Marion, itong dinamismo ng pagkabalisa

[40]Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 104.
[41]Marion, *In the Self's Place*, 283.
[42]Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 104.
[43]Ibid., 107.

at pananahan ang tumutulak sa táong hanapin ang kaniyang sarili, at ang kaniyang Diyos. Ito raw ang kabalintunaan, ayon kay Marion: Habang nananahan ang tao sa kaniyang sarili, hindi siya mapapalagay. Mapapalagay lámang siya kapag sa Diyos siya nananahan.[44]

Sa isang banda, maaari ring sabihing nananahan sa atin ang Diyos, sapagkat tayo ay kawangis ng Diyos. Subalit itong pananahan ng Diyos sa atin ay kailangan ding kilalalin at tanggapin. Sa pagkanilalang ng tao, patúloy siyang mababalisa at maghahagilap hangga't hindi siya nananahan sa Diyos na bukal ng kaniyang tunay na sarili. Ayon kay Marion, sapagkat ang Diyos lámang ang nananahan sa Sarili nito, sa Diyos lámang maaaring manahan ang tao sa sarili niya.[45] Nagaganap lang ang pananahang ito sa pagtungo sa Diyos at sa gayong paraan, matutuklasan ang aking sarili.

Kung hindi káyang tuklasin ng tao ang sarili niya, ayon sa sariling bisà, kinakailangang ipagkaloob ng Diyos ang sarili na ito. Sa pagsusuri ni Marion, ang kakayahang tumanggap ng lahat ng biyaya (at lahat-lahat ay biyaya) ay nangangailangan ng mas sinaunang pagtanggap: ang pagtanggap ng biyaya ng sarili. Ayon nga sa Unang Sulat ni San Pablo sa mga Taga-Korinto: "Ano ang taglay ninyo na hindi ninyo tinatanggap?" Maging ang sarili ay saklaw ng pahayag na ito. Wika ni Marion, "The reduction of each and every thing to the given implies obviously that the ego, so reduced, is reduced first to the rank of given—first gift, absolute and without remainder, unconditioned and thoroughly so."[46] Tunay ngang biyaya ang meron, subalit unang biyaya ng Meron na Meron ang sarili na tumatanggap sa lahat ng biyaya.

Para kay San Agustin, ang paghahanap sa Diyos—at samakatwid, ang pagtanggap sa biyaya ng sarili—ay hindi magaganap kundi dahil sa pag-ibig. Ayon sa pagbabasá ni Marion, may bigat daw ang pag-ibig, bigat na umaakit sa atin at hinihila tayo tungo sa isang lugar kung saan tayo ay mananahan. Ito ang bigat na nagpapasaibayo sa sarili sa kilos ng pagpuri o *confessio*. O maaari ring sabihin na sa *conversio* natitipon muli ang kalát na sarili sa isang sentro, sapagkat may puwersang umaakit dito upang matipon at mabuo. Ayon nga kay San Agustin: "In dono tuo requiescimus: ibi te fruimur. Requies nostra locus noster. Amor illuc attollit nos" (XIII, 9), o sa salin sa Ingles ni Marion, "It is in the gift that you give that we find rest: here we enjoy you. Our rest, our place. Here, your love raises us up."[47] Dagdag pa ni Marion: "I find my place only there where I truly want to dwell. And

[44]Marion, "Resting, Moving, Loving," 33.

[45]Ibid., 33–34.

[46]Marion, *In the Self's Place*, 286.

[47]Marion, "Resting, Moving, Loving," 41.

I truly want to dwell only there where my love pushes me, transports me, and leads me."[48]

Kalakip ng pag-ibig na biyaya ng Diyos ang biyaya ng sarili, sariling nagkakawangis lámang kapag nanahan na ito sa tunay na tahanan nito. Ayon kay San Agustin, nagkakaroon lámang ng sarili ang tao dahil sa biyayang kaloob ng Diyos, biyaya ng pagmemeron doon sa dapat sana ay wala. Wika ni Marion, "If I discover myself essentially given, too, a gift before anybody could receive it (and especially not itself), this paradox is the result of the paradox of the absolute gift in God and responds to it."[49] Biyayang walang kondisyon ang pag-ibig ng Diyos, na siyang nagkakaloob ng sarili ng tao. At ang sarili ng tao ay bunga ng at tumutugon sa pag-ibig na ito. Dagdag pa ni Marion: "I have originarily the rank of gifted, given to oneself before being able to receive even one's proper self."[50] Lumalalim ang hiwaga ng sarili ng tao, subalit hindi na naiiwan sa kamangmangan: Sa pagtungo sa Diyos, higit ko ring nauunawaan ang aking sarili, bilang biyayang mahiwaga. Biyaya ang merong kaloob ng Diyos sa sangnilikha, at biyaya ng meron ang sariling ating tinatanggap mula sa Diyos ng sangkameronan.

PAHABOL

May isa pang kahulugan ng pagtanggap na maaaring makatulong sa ating pagmumuni-muni. Maaari ring basahin ang *Confessiones* ni San Agustin bilang isang pakikipagbuno sa sarili, isang pagtanggap sa tunay kong pagkatao. Kitang-kita sa talambuhay ni San Agustin ang kaniyang pakikipagtuos sa kaniyang sarili. Muli't muli siyang naliligaw sa landas hanggang sa matutuhan niyang manahan sa Diyos. Sa pagtanggap sa tunay kong pagkatao, tila kailangang paulit-ulit tanggapin ang sarili bilang isang biyaya, sa kabila ng magugulong landas na maaari nitong tahakin, sa kabila ng mga pagpapasiyang tila humahantong lámang sa kapahamakan. Maaari ring makita kay San Agustin na ang sariling ikinahihiya at ikinamumuhi, kung minsan pa'y itinatatwa, ay biyayang ipinagkakaloob. Naroroon din yata sa pagtanggap sa sarili, sa kabila ng karupukan nito, ang pagkilala sa pagkabiyaya nito.

Upang bumalik sa ating pinag-umpisahan: Hindi yata maaaring maganap ang tunay na pagpepresensiya ng dalawang tao sa isa't isa (maging ng tao sa kaniyang Diyos) kung hindi muna sila daraan sa proseso ng pagtanggap sa kanilang sarili. Alinsunod sa pag-iisip nina Ferriols, Marion, at San Agustin, nagiging sarili lámang

[48]Ibid.

[49]Marion, *In the Self's Place*, 287.

[50]Ibid., 288.

ang sarili nang dahil sa pag-ibig: Una, dahil sa pag-ibig ng Diyos na umaakit dito upang kilalanin ang tunay nitong sarili; ikalawa, dahil din sa isang pag-ibig na taglay ng sarili para sa aking sarili, sa pagkilala sa pagkabiyaya ng sariling ito. Nagiging posible lamang ang pagtanggap sa biyaya ng sarili—ang pagmamahal sa sarili—sa pamamagitan ng pagmamahal ng Diyos, na pinadadalisay ang pag-ibig nito at inihahatid ito sa tunay nitong tahanan. Sa gayong paraan din lámang matutupad ang pag-ibig at pagpepresensiya ng dalawang sarili sa isa't isa.

Sa isang awitin batay sa *Confessiones*, isinasalin ang X, 27 sa ganitong paraan: "Kay tagal bago Kita minahal, Gandang Sinauna at Sariwa. Tapat Kang nanahan, sa'king kalooban ngunit hinahanap pa rin kahit saan."[51] Kay tagal bago natututuhan ng sariling mahalin ang Diyos, kagandahang sinauna at sariwa; gayundin ang nagaganap sa sarili, biyaya ng meron, na matagal mahanap, at matagal bago makilala ang kagandahang sintanda at sinsariwa ng ating pagkakalikha, ang sarili na matagal at mahirap ibigin.

TALASANGGUNIAN

Ferriols, Roque J., SJ. *Pambungad sa Metapisika*. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1991.

_____. *Pilosopiya ng Relihiyon*. Quezon City: Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1995.

Francisco, Manoling, SJ, Victor Baltazar, SJ, at Jandi Arboleda. "Gandang Sinauna at Sariwa." Nasa *The Best of Bukas Palad*. Tomo 1. Jesuit Communications, 1999. *Compact disc*.

Marion, Jean-Luc. *In Excess: Studies of Saturated Phenomena*. Salin ni Robyn Horner at Vincent Berraud. New York: Fordham University Press, 2001.

_____. *In the Self's Place: The Approach of Saint Augustine.* Salin ni Jeffrey L. Kosky. Stanford: Stanford University Press, 2012.

_____. "A Phenomenological Concept of the Gift." Nasa *The Visible and the Revealed.* Salin ni Christina M. Gschwandtner et al. New York: Fordham University Press, 2008.

_____. "Resting, Moving, Loving: The Access to the Self according to Saint Augustine." *Journal of Religion* 91, no. 1 (2011): 24–42.

[51]Manoling V. Francisco, SJ, Victor Baltazar, SJ, at Jandi Arboleda, "Gandang Sinauna at Sariwa," nasa *The Best of Bukas Palad*, tomo 1, Jesuit Communications, 1999, *compact disc*.

Roy Allan B. Tolentino is Assistant Professor of Philosophy at Ateneo de Manila University in the Philippines. He was a fellow of the Institute for the Advanced Study of Asian Cultures and Theologies at the Chinese University of Hong Kong in 2012, and the Summer Institute on Religious Pluralism at the University of California–Santa Barbara in 2011. His research interests include philosophy of religion and the relationship between philosophy and theology. He has written on Kierkegaard, Ricoeur, Levinas, and Marion. He may be reached at rtolentino@ateneo.edu.